Opening Remarks of Philippine Ambassador Leslie J. Baja
Paskong Pinoy
18 December 2022

Magandang hapon sa Inyong Lahat.

Unang-una, maraming salamat sa inyong pagdalo ngayon araw na ating itinakdang "**Paskong Pinoy 2022**".

Sa tuluyang unti-unting pagluluwang ng ating kapaligiran sa kalagitnaan pa rin ng pandemia, muli tayo ay nagtitipon dito sa ating Pasuguan upang bigyan saysay at kahulugan ang diwa ng Pasko sa ating Bayan, ang diwa ng Paskong Pinoy, Pasko nating mga Pilipino saan man bahagi ng mundo, at higit sa lahat sa ating mga narito sa Morocco alinsunod sa temang, **PAGKAKAISA TUNGO SA DIWA NG PASKO**.

Sa araw na eto, sama-sama tayong nagkakaisa sa paggunita ng diwa ng Pasko: maraming pagkain, mga palaro, mga regalo, mga papremyo, may kantahan at mga makukulay na palamuti.

Ngunit, sa ating pananaw, ano nga ba ang "tunay na diwa ng Pasko"?

Samu't sari at sang-ayon sa paningin ng bawa't isa sa atin: pagmamahal sa kapwa, pagtutulungan, pagbibigayan, pagbibigay kalinga, pagpatawad.

Idagdag natin sa diwa ng Pasko ang mensahe ng Munting Sanggol na isinilang sa sabsaban mahigit dalawang libong nakaraan: KAPAYAPAAN, PAG-IBIG, PAG-ASA at KALIGAYAHAN.

Panghuli, sama-sama natin panatiliin sa ating isipan at puso ang diwa ng Pasko, hindi lamang tuwing araw o panahon ng Pasko, ngunit dapat ang araw-araw ay gawin natin Paskong lagi!

Maligayang Pasko sa Inyong Lahat at sa Inyong mga Mahal sa Buhay!

Maraming salamat po!